# Gumamit ng Personal Protective Equipment (PPE) Kapag Nag-aalaga ng Mga Pasyenteng Kumpirmado o Pinaghihinalaang May COVID-19


## Bago mag-alaga ng mga pasyenteng kumpirmado o pinaghihinalaang may COVID-19, ang kawani sa pangangalagang pangkalusugan (healthcare personnel, HCP) ay dapat:

- **Makatanggap ng komprehensibong pagsasanay** tungkol sa kung kailan kinakailangan ang PPE at kung anong PPE ang kinakailangan, paano isuot at tanggalin ang PPE, mga limitasyon ng PPE, at tamang pangangalaga, pagpapanatili, at pagtatapon ng PPE.
- **Magpamalas ng kagalingan** sa pagsasagawa ng mga naaangkop na kagawian at pamamaraan sa pagkontrol ng impeksyon.


## Tandaan:

- Dapat isuot nang maayos ang PPE bago pumasok sa lugar ng pasyente (hal. isolation room, unit kung may kasama).
- Dapat nasa tamang puwesto at suot nang maayos ang PPE para sa tagal ng trabaho sa mga posibleng nakontaminang lugar. Hindi dapat isaayos ang PPE (hal. pagtataling muli ng gown, pagsasaayos ng respirator/facemask) sa panahon ng pangangalaga sa pasyente.
- Ang PPE ay dapat tanggalin nang mabagal at ayon sa paraang pumipigil sa self-contamination. Dapat gumawa at gumamit ng step-by-step na proseso sa panahon ng pagsasanay at pangangalaga sa pasyente.

**Mas Gustong PPE – Gumamit ng N95 o Mas Bagong Respirator**




**Katanggap-tanggap na Alternatibong PPE – Gumamit ng Facemask**




www.cdc.gov/coronavirus

CS 316124-D 06/08/2020

## **Pagsusuot** (pagsusuot ng gear):

*Maaaring katanggap-tanggap ang mahigit isang paraan ng pagsusuot. Mahalaga ang pagsasanay at pag-eensayo gamit ang pamamaraan ng iyong pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan. Nasa ibaba ang isang halimbawa ng pagsusuot.*

1. **Tukuyin at kunin ang tamang PPE na susuotin.** Tiyaking tama ang pagpili ng laki ng gown (batay sa pagsasanay).
2. **Linisin ang mga kamay gamit ang hand sanitizer.**
3. **Isuot ang isolation gown.** Itali ang lahat ng tali sa gown. Maaaring kailanganin ang tulong ng isa pang HCP.
4. **Isuot ang inaprubahan ng NIOSH na N95 filtering facepiece respirator o mas bago (gumamit ng facemask kung hindi available ang respirator).** Kung may nosepiece ang respirator, dapat isakto ito sa ilong gamit ang parehong kamay, huwag baluktutin o gawing hugis toldang nakalayo sa ilong. Huwag pisilin ang nosepiece gamit ang isang kamay. Dapat paabutin sa ilalim ng baba ang respirator/facemask. Dapat parehong napoprotektahan ang iyong bibig at ilong. Huwag isuot ang respirator/facemask sa ilalim ng iyong baba o ilagay sa mga scrub pocket kapag nagpapalipat-lipat ng pasyente.*
   - **Respirator:** Dapat ilagay ang mga respirator strap sa ibabaw ng ulo (top strap) at sa ibaba ng leeg (bottom strap). Magsagawa ng user seal check sa bawat pagkakataong isusuot mo ang respirator.
   - **Facemask:** Dapat naka-secure ang mga mask tie sa ibabaw ng ulo (top tie) at sa ibaba ng leeg (bottom tie). Kung may mga loop ang mask, isabit nang mabuti ang mga ito sa paligid ng iyong tainga.
5. **Magsuot ng face shield o goggles.** Kapag magsusuot ng N95 respirator o half facepiece elastomeric respirator, piliin ang wastong proteksyon sa mata upang matiyak na hindi makakasagabal ang respirator sa tamang posisyon ng proteksyon sa mata, at hindi maaapektuhan ng proteksyon sa mata ang pagkakalapat o seal ng respirator. Nagbibigay ang face shield ng ganap na proteksyon sa buong mukha. Nagbibigay rin ang goggles ng mahusay na proteksyon sa iyong mga mata, ngunit pangkaraniwan ang paglabo nito (fogging).
6. **Magsuot ng gloves.** Dapat matakpan ng gloves ang cuff (pulsuhan ng kamay) ng gown.
7. **Maaari na ngayong pumasok ang HCP sa kwarto ng pasyente.**

## **Pagtatanggal** (pagtatanggal ng gear):

*Maaaring katanggap-tanggap ang mahigit isang paraan ng pagtatanggal. Mahalaga ang pagsasanay at pag-eensayo gamit ang pamamaraan ng iyong pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan. Nasa ibaba ang isang halimbawa ng pagtatanggal.*

1. **Tanggalin ang gloves.** Tiyaking hindi magdudulot ang pagtatanggal ng glove ng karagdagang kontaminasyon ng mga kamay. Maaaring tanggalin ang gloves gamit ang mahigit isang pamamaraan (hal. glove-in-glove o bird break).
2. **Tanggalin ang gown.** Alisin sa pagkakatali ang lahat ng tali (o hubarin ang lahat ng butones). Maaaring sirain ang ilang gown tie sa halip na alisin sa pagkakatali. Gawin ito sa maingat na paraan, para maiwasan ang puwersahang paggalaw. Abutin ang balikat at marahang hilahin pababa at palayo sa katawan ang gown. Katanggap-tanggap na paraan ang pag-ikot pababa ng gown. Itapon sa trash receptacle.*
3. **Maaari na ngayong lumabas ang HCP sa kwarto ng pasyente.**
4. **Hugasan ang mga kamay.**
5. **Alisin ang face shield o goggles.** Marahang alisin ang face shield o goggles sa pamamagitan ng paghawak sa strap at paghila nito pataas at palayo sa ulo. Huwag hawakan ang harap ng face shield o goggles.
6. **Tanggalin at itapon ang respirator (o facemask kung ito ang ginamit sa halip na respirator).*** Huwag hawakan ang harap ng respirator o facemask.
   - **Respirator:** Tanggalin ang bottom strap sa pamamagitan ng paghawak lang sa strap at itaas ito sa ibabaw ng ulo. Hawakan ang top strap at itaas ito sa ibabaw ng ulo, at pagkatapos ay hilahin palayo ang respirator mula sa mukha nang hindi hinahawakan ang harap ng respirator.
   - **Facemask:** Maingat na alisin sa pagkakatali (o alisin sa pagkakasabit sa tainga) at ilayo sa mukha nang hindi hinahawakan ang harap.
7. **Hugasan ang mga kamay pagkatapos tanggalin ang respirator/facemask** at bago ito isuot ulit kung ang iyong lugar ng trabaho ay nagsasagawa ng muling paggamit.

***Kailangang isaayos ng mga pasilidad na nagpapatupad ng muling paggamit o pinatagal na paggamit ng PPE ang kanilang mga pamamaraan ng pagsusuot at pagtatanggal upang matupad ang mga kagawiang iyon.***